OFFICE OF THE MAYOR
Bustos, Bulacan
RECEIVED
by: ____
Date: 9-13-23 Time: 11:45

# KAPASIYAHAN BLG. 2023-124

**"KAPASIYAHANG WALANG PAGTUTOL ANG SANGGUNIANG BAYAN SA PAGPAPATAYO, PAGPAPANATILI AT PAGPAPATAKBO NG PAGCOR GAMING SITES FOR ELECTRONIC GAMING NA PABOR SA MATRIX VENTURE CORPORATION NA ACCREDITED PARTNER NG NOVUS ENTERTAINMENT MANAGEMENT OPERATIONS, INC. NA AKREDITADO NG PHILIPPINE AMUSEMENT AND GAMING CORPORATION (PAGCOR) BILANG ELECTRONIC GAMING SYSTEM SERVICE PROVIDER."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod nina:*

**Igg. Soliman C. Santos**
at
**Igg. Marie Niña Nikkie Perez, MA**

---

**SAPAGKA'T**, naghain ng kahilingan ang Punong Bayan ng agarang pagpapatibay ng kapasiyahang walang pagtutol ang Sangguniang Bayan sa pagpapatayo, pagpapanatili at pagpapatakbo ng PAGCOR Gaming Sites for Electronic Gaming na pabor sa Matrix Venture Corporation;

**SAPAGKA'T**, base sa mga dokumentong isinumite, ang Matrix Venture Corporation ay isang rehistradong korporasyon sa Securities and Exchange Commission (SEC) na may Registration No. 2022100070863-13 na ipinagkaloob noong ika-18 ng Enero, 2023;

**SAPAGKA'T**, base sa mga dokumentong isinumite, ang Matrix Venture Corporation na accredited partner ng Novus Entertainment Management Operations, Inc. na Akreditado ng Philippine Amusement and Gaming Corporation (PAGCOR) bilang Electronic Gaming System Service Provider.

**SAPAGKA'T**, ang PAGCOR Gaming Site Regulatory Manual for Electronic Games, nang naamyendahan, itinakda na para makakuha ng lisensiyang pang-elektronikong laro, ang aplikante ay kinakailangang kumuha mula sa konseho ng munisipalidad ng isang liham ng walang pagtutol, ito ay maaring sa anyo ng resolusyon o ordinansa ng konseho, na nagpapahayag na wala itong tutol sa pagtatatag, pagpapatakbo, at operasyon ng mga pook ng pagsusugal na matatagpuan sa loob ng kanyang

nasasakupan para sa pag-aalok ng mga elektronikong laro, sa pangkalahatan, at pagsusugal sa mga palakasan.

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod nina **IGG. SOLIMAN C. SANTOS AT IGG. MARIE NIÑA NIKKIE PEREZ, MA** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na walang pagtutol ang Sangguniang Bayan sa pagpapatayo, pagpapanatili at pagpapatakbo ng PAGCOR Gaming Sites for Electronic Gaming na pabor sa Matrix Venture Corporation na accredited partner ng Novus Entertainment Management Operations, Inc. na Akreditado ng Philippine Amusement and Gaming Corporation (PAGCOR) bilang Electronic Gaming System Service Provider.

**SA PASUBALI,** na ang Matrix Venture Corporation ay tatalima sa lahat ng regulasyon, batas at patakarang itinatadhana ng batas ng Philippine Amusement and Gaming Corporation at Pamahalaang bayan ng Bustos.

**SA PASUBALI,** pa, na kapag ang Matrix Venture Corporation ay lumabag sa anumang regulasyon, batas at patakaran ang permisong iginawad ay maaaring bawiin o ipawalang bisa.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-4 ng Setyembre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Marie Niña Nikkie Perez, MA**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Phillip Wryner B. Santos**
Kasangguni

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Soliman C. Santos**
Kasangguni

**Wilfredo G. Canoza**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Virgilio S. Paglinawan**
ABC President

**Angelica DL. Tadeo**
SK President

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

—— ▪ ——

**SERTIPIKASYON:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-4 ng Setyembre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim